

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka 25

Pangngalang Pantangi at Pangngalang Pambalana

A. *Panuto:* Tingnan ang salitang may salungguhit sa pangungusap. Kung ito ay pangngalang pantangi, isulat ang salitang **pantangi** sa patlang. Kung ito ay pangngalang pambalana, isulat ang salitang **pambalana** sa patlang.

Halimbawa: pambalana Nakalimutan ng bata ang kanyang laruan.

pantangi Magbabakasyon kami sa Baguio sa susunod na buwan.

-
- _____ Mahilig kumain ng pansit at siopao si Juanita.
 - _____ Ang probinsya namin ay nasa timog ng Luzon.
 - _____ Mamamasyal sina Jun at Eva sa Luneta sa Linggo.
 - _____ May nakita kaming tigre at ahas sa Aylon Zoo.
 - _____ Si Binibining Maria Gomez ang guro namin sa Sibika at Kultura.
 - _____ Ang SM Mall of Asia ay ang pinakamalaking mall sa bansa.
 - _____ Humiram ka ba ng aklat mula sa silid-aklatan?
 - _____ Si Ginang Corazon Aquino ang dating pangulo ng Pilipinas.
 - _____ Ang fiesta sa lungsod ng Cebu ay ipinagdiriwang tuwing Enero.
 - _____ Nasa St. John Hospital si Mark dahil tumaas ang kanyang lagnat.
 - _____ Ang dyaryo na binabasa ni Tatay araw-araw ay ang *Philippine Star*.
 - _____ Nakita namin ang ilog ng Cagayan, and pinakamalaking ilog sa Pilipinas.
 - _____ Masarap manirahan sa Barangay Santo Tomas dahil tahimik at malinis dito.
 - _____ Sa unang Lunes ng Hunyo ang simula ng pasukan sa Paaralan ng Lungsod ng San Pablo.
 - _____ Dumalo sa pagtatanghal ang mga magulang, guro, at kaibigan ng mga mag-aaral.

Talâ: pangngalan - *noun*, pangngalang pantangi - *proper noun*, pangngalang pambalana - *common noun*

B. *Panuto*: Mula sa mga pangungusap sa bilang 1 hanggang 15, maghanap ng lima pang halimbawa ng pangngalang pantangi at limang halimbawa ng pangalang pambalana. Huwag gamitin ang mga salitang may salungguhit. Isulat ang mga halimbawa sa ibaba.

Mga halimbawa ng pangngalang pantangi

16. _____

17. _____

18. _____

19. _____

20. _____

Mga halimbawa ng pangngalang pambalana

21. _____

22. _____

23. _____

24. _____

25. _____